## APPLICATION

- Nakatagpo mo na ba ang Diyos? Ang buhay mo ba ay patungo sa isang direksyon na kung sino Siya sa iyong buhay? Paano nagbago ang iyong buhay mula ng nakatagpo mo Siya?
- Papaano ka nakakarinig sa Diyos sa pang araw-araw? Anong katayuan ang dapat mong panatiliin sa tuwing Siya ay mangungusap sa iyo?
- Tulad ni Eli, papaano mo matutulungan ang iba upang dinggin ang panawagan ng Diyos? Sino ang maaari mong pagtuunan ng pansin at idisipulo?
- Anong sitwasyon ang kinakaharap mo at alam mong inaatasan ka ng Diyos na ihayag at panindigan? Ano ang dapat mong gawin at papaano mo ito gagawin?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa kung paano Siya nangungusap sa atin, unang-una sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Manalangin na palagi mong pahalagahan at sundin ang Kanyang Salita.
- Hingin sa Diyos na makilala mo Siya at magkaron ka ng personal at malapit na ugnayan sa Kanya. Mangakong sumunod sa Kanyang sinasabi at hilingin sa Kanya na bigyan ka ng banal na tapang upang ito ay isagawa.
- Manalangin na makatulong kang gabayan ang iba tungo sa Diyos at na ikaw ay maging tapat sa Panginoon hanggang sa kahuli-hulihan.

VICTORY

Copyright © 2014
Permission to photocopy this material from Victory® is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph



# Bukas

## NOTES

## WARM-UP

- Sa palagay mo, ikaw ba ay magaling na tagapakinig? Bakit? Bakit hindi?
- Balikan ang mga panahong may kailangan kang gagawin ngunit takot kang gawin ito. Anong nangyari?
- Kanino ka mayroong magandang ugnayan? Ano ang isang bagay na nagustuhan mo sa taong ito?

**WORD**

*[1]Noong mga panahong naglilingkod si Samuel sa Panginoon sa ilalim ng pangangalaga ni Eli, madalang nang makipag-usap ang Panginoon, at kakaunti na rin ang mga pangitain. . . . [4]tinawag ng Panginoon si Samuel. Sumagot si Samuel, "Ano po iyon?"*
**1 SAMUEL 3:1,4**

---

Si Samuel ay isang propeta na nangusap ng salita ng Diyos sa Kanyang bayan at tumulong na sumunod sila sa Kanya. Gayunman, bago siya naging propeta, nakilala na niya ang Diyos sa murang edad. Tulad nito, hindi natin maaatim ang katayuan na nais ng Diyos para sa atin kung hindi muna natin Siya kikilalanin. Sa aralin na ito, titingnan natin ang tatlong banal na elemento ng kwento ni Samuel.

## 1 Banal na Boses

*[10,11]Lumapit kay Samuel ang Panginoon at gaya ng dati, tinawag siya, "Samuel! Samuel!" Sumagot si Samuel, "Magsalita po kayo, Panginoon, sapagkat nakikinig ang lingkod ninyo." . . .* **1 SAMUEL 3:10,11**

Noong nakaraan, hindi pa kilala ni Samuel ang Panginoon (1 Samuel 3:7), kaya't ito ang kauna-unahang pagkakataon na marinig niya ang Diyos. Tinulungan ni Eli si Samuel na tumugon ng tama pagkatapos niyang marinig ang Diyos ng tatlong beses, at nakilala ni Samuel ang Diyos. Tayo rin ay makakarinig sa tinig ng Diyos habang nangungusap Siya sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ng Banal na Espiritu, at ng ibang tao. Papaano tumugon si Samuel nang tinawag siya ng Diyos? Bakit tama lang na ganito ang pagtugon?

## 2 Banal na Pagkakatagpo

*[10,11]Sinabi ng Panginoon, "Tandaan mo ito, hindi magtatagal at may gagawin ako sa bayan ng Israel. Paghaharian ng matinding takot ang lahat ng makakarinig nito."* **1 SAMUEL 3:10,11**

Nang narinig ni Samuel ang Diyos at tumugon, nakatagpo niya ang Diyos sa kakaibang paraan. Ang alamin ang tungkol sa Diyos at maglingkod sa Kanya tulad ng ginawa ni Samuel at ng iba ay hindi sapat. Ang isang personal at malapit na ugnayan sa Diyos ang makakapagpabago sa atin. Matapos makatagpo ni Samuel ang Diyos, patuloy Niyang inihayag ang Kanyang sarili kay Samuel (1 Samuel 3:19-21). Papaano mo unang nakatagpo ang Diyos? Papaano ka nabago ng pagtatagpong ito?

## 3 Banal na Katapangan

*[15]Natulog si Samuel hanggang umaga, at binuksan niya ang pintuan ng bahay-sambahan ng Panginoon. Natatakot siyang sabihin kay Eli ang tungkol sa pangitain. . . . [18]Ipinagtapat nga ni Samuel ang lahat sa kanya. Wala siyang itinago. At sinabi ni Eli, "Siya ang Panginoon. Gagawin niya kung ano sa tingin niya ang pinakamabuti."* **1 SAMUEL 3:15,18**

Matapos makatagpo at marinig ni Samuel ang Diyos, natakot siyang sabihin kay Eli ang mensahe ng Diyos, dahil malapit ng husgahan ng Diyos si Eli at ang kanyang mga anak. Ngunit buong tapang na nagsalita si Samuel at sinabi niya kay Eli ang sinabi ng Diyos—hindi galing sa pagmamalaki o pagyayabang, kundi pagsunod sa Diyos. Tulad ni Samuel, maaari rin tayong magkaron ng banal na tapang na manindigan sa tama at sumunod sa Panginoon. Maaari nating ihayag ang Kayang Salita ng buong tapang. Sa anong bagay ka binigyan ng Diyos ng banal na tapang? Balikan ang panahong kinailangan mong manindigan para sa tama. Anong nangyari?